



PATNUBAY SA MISA



26 Mayo 2019

Ika-6 na Linggo ng Pasko ng Muling Pagkabuhay

Taon K

ANG PANGAKO NG ESPIRITU SANTO

Tayo ay nagdiriwang ng Ikaanim na Linggo ng Muling Pagkabuhay. Papalapit na ang pagtatapos ng masayang panahon ng Muling Pagkabuhay. Itinutuon na ang ating pansin sa handog ng Espiritu Santo. Ihinalintulad ang Espiritu Santo sa tubig na nagbibigay-buhay. Ang turo nga ni Hesus: “Ayon sa sinasabi ng Kasulatan, ‘Mula sa puso ng nananalig sa akin ay dadaloy ang tubig na nagbibigay-buhay.’ (Tinutukoy niya ang Espiritung tatanggapin ng mga nananalig sa kanya. Nang panahong iyon ay hindi pa naipagkakaloob ang Espiritu Santo, sapagkat hindi pa nagaganap ang pagkamatay at muling pagkabuhay ni Hesus.)” [Juan 7:38-39]

Ang Espiritu Santo ang pinakamatayog na bunga ng Pagkamatay at Muling Pagkabuhay ni Kristo. Siya ang magpapatunay na talagang namatay at muling nabuhay ang Panginoong Hesus. Siya ang magpapatotoo sa dakilang pag-ibig ng Ama na ipinamalas ni Hesus. Siya ang magkakalat ng biyayang-kaligtasang dala ni Hesus.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Buong galak na ilahad upang marinig ng lahat ang ginawang pagliligtas ng Panginoong malakas. Aleluya ang ihayag!

Pagbati

P– Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santong bunga ng pagkamatay at muling pagkabuhay ni Kristo ay sumainyong lahat!

B– At sumaiyo rin!

Pagsisipi

P– Madalas ay talagang hindi tayo nabubuhay ayon sa nais ng Espiritu Santo. Para sa ating pagsalungat sa kalooban ng Diyos, magsisi tayo at humingi ng

tawad sa Panginoon. (Manahimik sandali.)

P– Para sa aming kakulangan ng pananampalataya sa iyong handog na Espiritu, Panginoon, kaawaan mo kami!

B– Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Para sa aming kakulangan ng pag-asa sa lakas na dulot ng iyong Espiritu, Kristo, kaawaan mo kami!

B– Kristo, kaawaan mo kami!

P– Para sa aming kakulangan ng pagmamahal sa iyo at sa aming kapwa ayon sa udyok ng iyong Espiritu, Panginoon, kaawaan mo kami!

B– Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at dalhin tayo sa buhay na walang hanggan.

B– Amen!

Papuri

B– Papuri sa Diyos sa kaitaan

at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P—Ama naming makapangyarihan, gawin mong sa masasayang araw na ito ng aming pagdiriwang sa pagkabuhay ni Kristo kami’y makaganap ng pagdiriwang na wagas upang ang aming ginugunita ay lagi naming matupad sa gawa sa pamamagitan ni Heskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Gw 15:1-2.
22-29

Ang ating Unang Pagbasa ay nagsasaad ng unang dakilang suliraning hinarap ng mga unang Kristiyano. Ito ay kung ano ang talagang nagdadala ng kaligtasan — ang pagtupad ba sa mga kautusan o ang pananampalataya kay Kristong muling nabuhay. Ang mga pinuno ay nagtipon sa Jerusalem upang pag-usapan ito. Walang suliraning hindi nalulutas ng maayos na usapan.

L—Pagpapahayag mula sa mga Gawa ng mga Apostol

Noong mga araw na iyon, may ilang taong dumating sa Antioquia, mula sa Judea, at itinuro sa mga kapatid ang ganito: “Kapag hindi kayo nagpatuli ayon sa Kautusan ni Moises, hindi kayo maliligtas.” Tinutulan ito nina Pablo at Bernabe at naging mainitan ang kanilang pagtatalo tungkol dito. Kaya’t napagkaisahang papuntahin sa Jerusalem sina Pablo at Bernabe at ang ilan pang kapatid sa Antioquia, upang makipagkita sa mga apostol at sa matatanda tungkol sa suliraning ito.

Kaya’t minabuti ng mga apostol, ng matatanda, at ng buong Simbahan na pumili ng ilan sa kanila upang suguin sa Antioquia, kasama nina Pablo at Bernabe. At sinugo nila ang mga pangunahin ng mga kapatid: si Judas na tinatawag na Barsabas, at si Silas. Ipinadala nila ang sulat na ganito ang nilalaman: “Kaming mga apostol at matatanda ay bumabati sa mga kapatid na Hentil sa Antioquia, sa Siria at Cilicia. Nabalitaan naming ginugulo kayo ng ilang kasamahang galing dini, bagamat hindi namin sila inutusan. Di-umano’y binabagabag kayo sa pamamagitan ng kanilang sinasabi. Kaya’t napagkaisahan naming magpadala sa inyo ng

mga sugo. Kasama sila ng ating minamahal na Bernabe at Pablo, na di nag-atubiling itaya ang kanilang buhay sa paglilingkod sa ating Panginoong Heskristo.

Sinusugo nga namin sa inyo sina Judas at Silas upang ipaliwanag sa inyo ang nasasaad sa sulat na ito. Sa udyok ng Espiritu Santo, ang naging pasiya namin ay huwag na kayong atangan ng iba pang pasanin maliban sa mga bagay na talagang kailangan: huwag kayong kakain ng anumang inihandog sa mga diyus-diyusan, ng dugo, at ng hayop na binigti. Huwag kayong makikiapid. Layuan ninyo ang mga bagay na ito, at mapapabuti kayo. Paalam.”

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 66

B—Nawa’y magpuri sa iyo ang lahat ng mga tao!

R. M. Velez



* O Diyos, pagpalain kami’t kababagan, kami Panginoon’y iyong kawaan, upang sa daigdig mabatid ng lahat ang iyong kalooban at ang pagliligtas. **B.**

* Nawa’y purihin ka ng mga nilikha, pagkat matuwid kang humatol sa madla; ikaw ang patnubay ng lahat ng bansa. **B.**

* Purihin ka nawa ng lahat ng tao, purihin ka nila sa lahat ng dako. Ang lahat sa ami’y iyong pinagpala. Nawa’y igalang ka ng lahat ng bansa. **B.**

Ikalawang Pagbasa Pah 21:
10-14.22-23

Ang ating Ikalawang Pagbasa ay naglalarawan ng kagandahan ng Bagong Jerusalem, ang esposa ng Kordero. Ang pagpasok dito ay sa pamamagitan ng Lumang Bayan ng Diyos dahil sa ang labindalawang lipi ng Israel ang mga pinto. Ang batayan nito ay ang labindalawang apostol ng Bagong Bayan ng Diyos dahil sa ang mga saligang-bato ay ang labindalawang apostol ng Kordero.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ng Pahayag

Nilukuban ako ng Espiritu, at inihatid ako ng anghel sa ibabaw ng isang napakataas na bundok. Ipinakita niya sa akin ang Jerusalem, ang Banal na Lunsod, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos.

Nagliliwanag ito dahil sa kainingningan ng Diyos; kumikislap na gaya ng hiyas na haspeng sinlinaw ng kristal. Ang pader nito’y makapal at mataas at may labindalawang pinto, bawat isa’y may bantay na anghel. Nakasulat sa mga pinto ang pangalan ng labindalawang lipi ng Israel. Tatlo ang pinto ng bawat panig: tatlo sa silangan, tatlo sa timog, tatlo sa hilaga, at tatlo sa kanluran. Ang pader ng lunsod ay may labindalawang saligang-bato at nakasulat dito ang pangalan ng labindalawang apostol ng Kordero.

Napansin ko na walang templo sa lunsod sapagkat ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat at ang Kordero ang pinakatemplo roon. Hindi na kailangan ang araw o ang buwan upang liwanagan ang lunsod pagkat ang kainingningan ng Diyos ang nagbibigay-liwanag doon, at ang Kordero ang siyang ilawan.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Aleluya Jn 14:23

B—Aleluya! Aleluya!

Ang sa aki’y nagmamahal, tutupad sa aking aral, Ama’t ako’y mananahan. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Jn 14:23-29

Ang siping ito sa Ebanghelyo ni Juan ay naglalahad ng magiging bunga ng Espiritu Santo sa buhay ng mga alagad ni Kristo. Ang pag-ibig, ang pagtupad sa mga turo ni Kristo, at ang tapang sa harap ng pag-uusig ang magiging pagpapatunay ng Espiritu Santong talagang muling nabuhay si Hesus.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan
B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon: Sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad, “Ang umiibig sa akin ay tutupad ng aking salita; iibigin siya ng aking Ama, at kami’y sasakanya at mananahan sa kanya. Ang hindi umiibig sa akin ay hindi tumutupad sa aking mga salita. Hindi akin ang salitang narinig ninyo,

kundi sa Amang nagsugo sa akin.

Sinabi ko sa inyo ang mga bagay na ito samantalang kasama pa ninyo ako. Ngunit ang Patnubay, ang Espiritu Santo na susuguin ng Ama sa pangalan ko, ang siyang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay at magpa-paalaala ng lahat ng sinabi ko sa inyo.

Kapayapaan ang iniwan ko sa inyo. Ang aking kapayapaan ang ibinibigay ko sa inyo; hindi ito katulad ng ibinibigay ng sanlibutan. Huwag kayong mabalisa; huwag kayong matakot.

Sinabi ko na sa inyo, 'Ako'y aalis, ngunit babalik ako.' Kung iniibig ninyo ako, ikagagalak ninyo ang pagpunta ko sa Ama, sapagkat dakila ang Ama kaysa akin. Sinasabi ko na ito sa inyo bago pa mangyari upang, kung mangyari na, kayo'y manalig sa akin."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Hingin natin sa Diyos na maging bukas ang ating mga puso sa pagkilos ng Espiritu Santo. Ang ating sasambitin ay:

B – Amang nagsugo ng Espiritu Santo, dinggin Mo kami!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang sa tulong ng Espiritu Santo ay mapangalagaan nila ang Bagong Bayan ng Diyos at mapalakas ang kanilang mga loob sa harap ng mga pagsubok, manalangin tayo sa Panginoon!

B.

* Para sa lahat ng mga kabataan ng ating bayan, upang sa taong ito ng mga kabataan ay payagan nila ang Espiritu Santong gabayan sila sa lahat ng kanilang nais gawin, manalangin tayo sa Panginoon!

B.

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang makita nila sa mga mungkahi ng Espiritu Santo ang daan tungo sa tunay na kaayusan at kaunlaran, manalangin tayo sa Panginoon!

B.

* Para sa mga taong nagsara ng kanilang mga kalooban sa Espiritu Santo, upang maunawaan nilang walang tagumpay sa buhay ang matatamo kung hindi ginagabayan ng Espiritu Santo, manalangin tayo sa Panginoon!

B.

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa masayang pagdiriwang na ito, upang sa ating paghihintay sa pagpanaog ng Espiritu Santo ay sumidhi ang ating pananabik sa kaganapang Kanyang handog, manalangin tayo sa Panginoon!

B.

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo!

B.

P – Ama naming nagsugo ng Espiritu Santo bilang bunga ng kamatayan at Muling Pagkabuhay ng Iyong Anak, pukawin Mo ang aming mga puso upang mawala ang aming pagkabalisa at takot sa pagbuo ng isang daigdig na angkop sa pagbabalik ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.

B – Amen!



P – Manalangin kayo . . .

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at

karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, paakyat mo sa iyong piling sa kalangitan ang aming mga panalangin kalakip ng haing mga alay upang ang mga pinagindapat mong gawing dalisay ay maging marapat na makasalo sa piging ng iyong pagmamahal sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

Prepasyo ng Pagkabuhay V

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan ngayong ipinagdiriwang ang paghahain ng Mesiyas, ang maamong tupa na tumubos sa aming lahat.

Ang katawan ng Anak mong sa krus nabayubay ay handog ng pag-ibig na walang kapantay. Ito ang paghahaing ganap mong kinalugdan. Ito ang nilunggati ng dating pag-aalay. Ang buong sarili ng Anak mong si Hesus ay inihain sa iyo upang kami'y matubos. Siya ang dambana at paring naghahandog. Siya pa rin ang tupang handog na ibinukod.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B – Sa krus mo't pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, ilitas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



B – Ama namin . . .

P – Hinihiling namin . . .

B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B – Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P– Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(pahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Kung ako ay mamahalin, mga utos ko'y tutupdin at sa inyo'y

susuguin Patnubay sa inyong piling. Aleluya ay awitin!

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, kaming pinapagsalo mo sa pagkabuhay ng iyong Anak ay papakinabangin mong lagi sa kanyang lakas bilang bungang masagana ng dulot mong paglilitas sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

PAGWAWAKAS



P– Sumainyo ang Panginoon.

B– At sumaiyo rin!

P– Pagpalain kayo ng makapang-yarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.

B– Amen!

P– Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.

B– Salamat sa Diyos!

Munting Katesismong Pampaskuwa sa Taon ng mga Kabataan

(P. René T. Lagaya, SDB)

ANG DIYOS ESPIRITU SANTO, PANGINOON AT NAGBIBIGAY-BUHAY

Panimula: Ang isang hindi nakikita ay kailangang magparamdam sa paraang nakikita. Ang pag-ibig na di naman talagang nakikita ay ipinapakita sa handog na buklak, o matamis, o tunay na pag-aalaga.

Pagpapalalim: Ang Diyos ay hindi nakikita. Kaya kailangan Siyang magparamdam sa paraang nakikita. Isinugo ng Ama ang Kanyang Anak upang maiparamdam sa atin ang Kanyang pag-ibig. Kay Hesus nakita, narinig, at nahawakan ang Diyos.

Pagbasa: Juan 14:23-29

Buod: Ang Espiritu Santo ay ang bunga ng kamatayan at muling pagkabuhay ng Anak ng Diyos. Gumamit ang Espiritu Santo ng iba't ibang tanda upang magparamdam sa ating mababasa sa Banal na Kasulatan. [1] Ang una ay ang **malakas na hangin:** Bago likhain ng Diyos ang sandaigdigan, “*dilim ang bumabalot sa kalaliman at umihip ang malakas na hangin sa ibabaw ng tubig.*” (Genesis 1:2b) Noong Linggo ng Pentekostes, “*biglang narinig ang isang ugong mula sa langit, animo'y hagunot ng malakas na hangin, at napuno nito ang bahay na kinaroroonan nila.*” (Gawa 2:2) [2] Ang ikalawa ay ang **kalapati:** Pagkatapos pabinyag si Jesus kay Juan sa ilog Jordan, “*nabuksan ang langit at nakita niya ang Espiritu ng Diyos, bumababa sa kanya, gaya ng isang kalapati.*” (Mateo 3:16b) [3] Ang ikatlo ay ang **maningning na ulap:** Noong nagbagong-anyo si Hesus sa bundok, “*nagsasalita pa siya nang liliman*

sila ng isang maningning na ulap.” (Mateo 17:5a) Para kay Santo Tomas de Aquino ang maningning na ulap ang sagisag ng Espiritu Santo. [4] Ang ikaapat ay ang **dilang apoy:** Sa Linggo ng Pentekostes, “*may nakita silang wari'y mga dilang apoy na lumapag sa bawat isa sa kanila.*” (Gawa 2:3) [5] Ang ikalima ay ang **tubig na nagbibigay-buhay:** “*Ayon sa sinasabi ng Kasulatan, ‘Mula sa puso ng nananalig sa akin ay dadaloy ang tubig na nagbibigay-buhay.’*” (Juan 7:38b)

Ang pahayag ni Hesus hinggil sa tubig na nagbibigay-buhay ay naganap sa ikawalo at huling araw ng pista ng mga tolda o kubol. Ang masayang pistang ito ay kaugnay ng pag-aani ng ubas at paggawa ng bagong alak. Sa loob ng walong araw ay sa mga kubol na yari ng mga sanga ng punongkahoy tumitira ang mga Israelita. Ito ay bilang paggunita sa kanilang paglagi nang 40 taon sa ilang. Ito rin ay pag-aalaala ng yugto ng kanilang kasaysayan kung kailan nila naramdamang naging tunay na malapit ang Diyos sa kanila. Tulad nila, ang Diyos ay tumira rin sa loob ng isang tolda, kasama-sama nila sa kanilang paglalakbay sa ilang. Ang tolda ay itinitirik kapag titigil muna sa isang lugar at hinuhugot naman kapag maglalakbay na. Dahil sa pista ng mga tolda ipinahayag ni Hesus ang pagbibigay ng Espiritu Santo, ang handog na ito ng Diyos ang talagang maglalapit sa tao at sa Diyos. Ang Espiritu Santo ang Ikatlong Persona

sa isang Diyos. Siya ang nagbibigkis sa Ama at sa Anak sa isang tunay, kakaiba, at di-malirip na pagmamahal. Siya rin ang nagbibigkis sa Diyos at sa tao sa isang pag-ibig na di magwawakas. Waring ang pangunahing gawain ng Espiritu Santo ay ang magsaboy ng pag-ibig at ang magtaguyod ng pagkakaisa – ang pagkakaisa ng mga tao at ang pagkakaisa ng tao sa Diyos. Ang turo nga ni San Pablo: “*Iba't iba ang kaloob, ngunit iisa lamang ang Espiritung nagkakaloob ng mga ito.*” (1Cor 12:4) “*Pagsumakitan ninyong mapanatili ang pagkakaisang mula sa Espiritu, sa pamamagitan ng buklod ng kapayapaan.*” (Efeso 4:3)

Pagsasabuhay: Ang mga kabataan ay hindi mahilig magbasa at lalo nang hindi sila mahilig magsulat. Ngunit sila ay nagbubuhos ng panahon sa paglikha ng mga makabuluhang tanda. Ano kayang tanda ang tutugma sa inyong pagkaunawa tungkol sa Espiritu Santo? Mahalagang maging ramdam na ramdam natin ang pagkilos ng Espiritu Santo sa ating buhay.

Pagdiriwang: “*Ama naming makapang-yarihan, sa Iyong Espiritu, kami ay Iyong pinaghaharian at sa Iyong pagkukop kami ay pinangangalagaan. Paratingin Mo sa amin ang Iyong awa at pagmamahal, at paunlakan Mo ang aming mga kahilingan upang sa Iyong tulong ang mga nananalig sa Iyo ay laging mapatnubayan sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. Amen!*”



WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio

Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: Fr. B. Nolasco • Circulation: R. Saldua